# Imyunidad ng Komunidad

**Kung sapat ang dami ng tao sa Los Angeles County ang magpapabakuna sa COVID-19, matatamo natin ang imyunidad ng komunidad. Hindi lang ikaw ang poprotektahan nito, pati na rin ang iyong pamilya, mga kaibigan at mga kapitabahay rin!**

## Ano ang imyunidad ng komunidad at bakit ito mahalaga?

Ang imyunidad ng komunidad, na kilala rin bilang imyunidad ng lahat ng napakaraming tao (herd immunity), ay kapag may sapat na bilang ng mga tao sa isang lugar ang hindi tinatalaban (immune) ng nakakahaw ang sakit, na ginagaw ang mas mahirap para sa impeksyon na kumalat mula sa isang tao papunta sa iba pang tao. Dahil dito, ang buong komunidad ay nagiging protektado – hindi lang ang mga taong hindi tinatalaban ng sakit (immune). Ito ang paraan kung paano natin maititigil ang pagkalat ng mga sakit tulad ng polyo (polio) at tigdas (measles). Mahalaga ang imyunidad sa komunidad dahil pinoprotektahan nito ang mga tao na hindi maaaring mabakunahan, tulad ng mga sanggol at mga musmos na bata. Makakatulong rin ito sa mga tao na maaaring hindi nakakatugon nang mabuti sa isang bakuna, tulad ng mga may mahihinang sistema ng imyunidad (immune system).

## Paano natin ito makakamit?

Ang imyunidad sa komunidad ay nangyayari kapag may sapat na bilang ng mga tao ang nabakunahan na at/o kapag may sapat na bilang ng mga tao ang nagkaroon na ng impeksyon, gumaling na rito at nakapagbuo na ng panlaban ang imyunidad (likas na imyunidad). Ang porsyento ng isang populasyon na kailangang maging hindi tinatalaban ng sakit (immune) upang maabot ang imyunidad ng komunidad ay depende sa kung gaano kadaling kumalat ang sakit sa baw at tao. Karaniw an itong nasa halos 70% hanggang 90% ng populasyon.

## Para sa COVID-19, hindi tayo makakaasa sa likas na imunidad (natural immunity) dahil:

- Mas maraming tao ang maaaring magkasakit o mamatay bago maabot ang imyunidad ng komunidad.
- Ang anumang pagkaantala ay pinatataas ang tiyansa ng mabilis na pagkalat at pananatili ng mga bagong *variant* ng COVID-19.
- Ang likas na imyunidad ay maaaring hindi magtagal ng sapat o hindi ganun kalakas, at ang mga tao ay maaaring muling mahaw ahan.

## Ang mabakunahan ay ang pinakamabilis na paraan para protektahan ang LA County!

Kapag sapat ang bilang ng mga taong nabakunahan laban sa COVID-19, hindi ganun kadaling kakalat ang virus mula sa isang tao papunta sa iba pang tao – nangangahulugan ito na ang ating buong komunidad ay malabong makakuha ng COVID-19. Kung sakaling may taong magkakasakit, may mas mababang panganib ng pagkalat ng COVID-19 kung w alang sapat na bilang ng mga tao ang hahaw ahan nito, ginagaw ang bibihira ang sakit.

## Gawin ang iyong parte – magpabakuna sa lalong madaling panahon!

- Ang pagpapabakuna ay isang mas ligtas na paraan upang bumuo ng proteksyon kaysa sa magkasakit sa COVID-19.
- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas at mabisa.
- Ang pagbabakuna ay makakatulong na panatilihing ligtas ka at iyong mga mahal sa buhay na maging ligtas sa pagkakasakit, pagliban sa trabaho, pagpapahospital, o pagkamatay.

Bisitahin ang www.VaccinateLACounty.com para sa mas marami pang impormasyon o taw agan ang 833-540-0473 sa pagitan ng 8:00 ng umaga at 8:30 ng gabi 7 araw sa isang linggo para sa tulong sa tipanan (appointment).



County of Los Angeles Public Health